# Ano ang dapat mong malaman tungkol sa pagsisiyasat sa kanser sa baga.

## Ano ang kanser sa baga?

Ang kanser sa baga ay kanser na matatagpuan sa mga baga. Nagsisimula ito kapag ang mga abnormal na selyula ay lumaki sa baga sa paraang hindi makontrol. Ang kanser sa baga ay isa sa mga pinakakaraniwang kanser at ang pinakakaraniwang dahilan ng pagkamatay sa kanser sa Ontario. Dati, karamihan sa mga taong may kanser sa baga ay namamatay dahil huli na nang makita ang kanser nila, kapag hindi na tumatalab ang paggamot. Ngayon may mabisa ng paraan sa pagsiyasat (pagsuri) sa mga tao para sa kanser sa baga para maaga itong makita, kung saan mas may tsansang tumalab ang paggamot.

### Ano ang pagsisiyasat sa kanser?

Ang pagsisiyasat sa kanser ay pagsusuri na ginagawa sa mga taong may tsansang magkaroon ng kanser, pero walang mga sintomas at karaniwang mabuti ang pakiramdam.

Ang Programa sa Pagsisiyasat sa Baga ng Ontario (OLSP) ay programa ng pagsisiyasat sa kanser sa baga ng Ontario. Hinihikayat ng OLSP ang mga taong malaki ang tsansang magkaroon ng kanser sa baga na magpasiyasat palagi para sa sakit.

### Sino ang kailangang magpasiyasat para sa kanser sa baga?

Inirerekomenda ang pagsisiyasat sa kanser sa baga para sa mga taong malaki ang tsansang magkaroon ng kanser sa baga. Maaari kang maging kwalipikado para sa pagsisiyasat sa kanser sa baga kung ikaw ay:

- Edad 55 hanggang 80
- Naninigarilyo araw-araw nang hindi bababa sa 20 taon – hindi kailangang tuloy-tuloy na 20 taon, na ibig sabihin ay may mga panahong hindi ka nagsigarilyo, at
- Saklaw ng OHIP

Kung angkop ka sa mga pamantayang ito, kailangan mong kausapin ang iyong doktor o nars tungkol sa pag-refer sa iyo sa isang lokasyon ng OLSP, o maaari kang makipag-ugnayan ng direkta sa isang lokasyon ng OLSP.

Bisitahin ang ontariohealth.ca/lungscreeninglocations o tumawag sa **1.866.662.9233** para makuha ang mga pangalan ng lokasyon ng OLSP na maaari mong kontakin.

### Paano ko malalaman kung kwalipikado ako para sa pagsisiyasat sa kanser sa baga?

Hindi lahat ng nai-refer sa OLSP ay kwalipikado na masiyasat.

Tatawagan ka ng lokasyon ng OLSP para malaman pa ang iyong tsansa sa pagkakaroon ng kanser sa baga at magtatanong tungkol sa iyong kalusugan at kasaysayan sa paninigarilyo. Batay sa mga sagot

mo sa mga tanong na ito, sasabihan ka sa lugar ng OLSP kung kwalipikado ka para sa pagsisiyasat sa kanser sa baga.

## Anong mangyayari sa panahon ng pagsusuri sa pagsisiyasat sa kanser sa baga?

Kung kwalipikado ka na masiyasat, aalokin ka sa uri ng computed tomography (CT) scan na gumagamit ng kunting dami ng radiation. Ang pagsusuri na ito ay tinatawag na mababang-dosis na CT scan. Sa panahon ng scan, nakahiga ka sa nakalantad na mesa na dadaan sa malaking makina na hugis-donut, na tinatawag na scanner. Gumagamit ang scanner ng kunting dami ng radiation para makakuha ng detalyadong mga larawan sa iyong baga. Ang pagsusuri ay **ilang minuto lang ang tagal at hindi masakit.** Walang ibibigay na gamot o sinulid sa panahon ng pagsusuri.

Nandoon ang kawani ng ospital para suportahan ka kapag sinisiyasat ka na. Maaari ka ring magdala ng kaibigan o kapamilya na sumama sa iyo.

## Gaano kadalas ako kailangang magpasiyasat?

Inirerekomenda ng OLSP na magpasiyasat ka kada taon kung kwalipikado ka para sa programa.

## Paano kung hindi ako kwalipikado para sa pagsisiyasat sa kanser sa baga?

Ang tsansa mong magkaroon ng kanser sa baga ay nagbabago sa paglipas ng panahon. Kung ang lugar ng OLSP ay magsasabi sa iyo na hindi ka kwalipikado para sa pagsisiyasat, kailangan mong bumalik ulit sa 3 taon para tingnan kung kwalipikado ka na.

Kailangan mong magpasuri agad kung ikaw ay:

- Bumalik sa paninigarilyo (kung tumigil ka na)
- Sinabihan na mayroon kang chronic obstructive pulmonary disease (COPD)
- May bagong kasaysayan sa pamilya sa kanser sa baga

## Saan ako makakakuha ng tulong para makatigil sa paninigarilyo?

Ang pagtigil sa paninigarilyo ay isa sa pinakamabuting bagay na magagawa mo para mapabuti ang iyong pangkalahatang kalusugan, kabilang na ang pagpababa sa tsansa mong magkaroon ng kanser.

Maaaring mahirap tumigil, pero posible ito, at makakatigil ang isang tao kung makakakuha sila ng tulong. Kung kasalukuyan kang naninigarilyo at pumunta sa isa sa mga lokasyon ng OLSP aalukin ka ng mga libreng serbisyo para matulungan kang tumigil sa paninigarilyo.

Maaari ka ring makipag-ugnayan ng direkta sa sumusunod na serbisyo para matulungan kang tumigil sa paninigarilyo:

- Health811: sa pamamagitan ng pag-dial sa 811
- Tulong sa Naninigarilyo: sa SmokersHelpline.ca

Ontario Health
Cancer Care Ontario

**Para sa karagdagang impormasyon sa pagsisiyasat sa kanser sa baga, mangyaring bisitahin ang:**
**[ontariohealth.ca/lung](ontariohealth.ca/lung)**